

# **Pananaw Ng Guro Sa Epekto Ng Implementasyon Ng Mother Tongue Based-Multi-Lingual Education (MTB-MLE) Sa Pagkatuto Ng Mag-Aaral**

**LOURDES S. BASCUÑA, PhD**

Associate Professor V

[lourdes.bascuna@cbsua.edu.ph](mailto:lourdes.bascuna@cbsua.edu.ph)

*Abstract* — Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang “Pananaw ng Guro sa Epekto ng Implementasyon ng MTB-MLE sa Pagkatuto ng Magaaral”. Ang MTB-MLE ay Sec. 5 Curriculum Development sa R.A. 10533 na naglalayong gamitin ang Mother Tongue bilang wika mula kinder hanggang ikatlong baitang. Isinama ito sa bagong kurikulum upang matutong magbasa nang may pang-unawa at maintindihan ng mabuti ang itinuturo sa kanilang unang taon ng pag-aaral. Naniniwala ang DepEd na ang paggamit ng Mother Tongue sa unang taon ng edukasyon ay makatutulong sa mas epektibo at mas mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang layunin nito ay matukoy at malaman ang epekto ng paggamit ng MTB-MLE bilang midyum sa pagtuturo ng mga mag-aaral.

Kumuha ng animapong respondenteng guro ng primarya hanggang ikatlong baiting mula sa mga paaralan ng Ocampo. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa paraang disenyong comparativ deskriptib. Gumawa ng isang talatanungan para sa mga respondente at ang mga nakalap na datos ay binilang at pinag-isa.

Lumalabas sa nakalap na datos, 55% ng populasyon ang sumasang-ayon sa implementasyon. Sa kabilang banda, 45% naman ay hindi sumasang-ayon. Sa kabuuan, mas maraming guro sa primarya hanggang sa ikatlong baiting ang sumasang-ayon sa implementasyon.

Sa kabuuang konklusyon sa kabila ng mga negatibong epekto ng MTB-MLE ay nangibabaw pa rin ang mga positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

***Keywords*** — *Department of Education, Mother Tongue Language, Multilingualism, Mother Tongue Based-Multi-Lingual Education*

## **Introduction**

Ang Mother Tongue Based – Multi-Lingual Education ay Sec. 5 Curriculum Development sa R.A. 10533 na naglalayong gamitin ang Mother Tongue bilang wika mula kinder hanggang ikatlong baitang. Ito ay pinatupad bilang isang asignatura mismo at bilang midyum din ng pagtuturo (DepEd Order No. 16, series of 2012). Ang mother tongue ay ang wikang ginagamit sa

---

bahay ng isang mag-aaral. Ito ay katutubong wikang ginagamit sa pang araw-araw na pakikipagtalastasan ng mamamayan ng isang rehiyon.

Sa pagtupad ng kagawaranng edukasyon (DepEd) ng Mother Tongue Based – Multi-Lingual Education (MTB-MLE) sa ilalim ng programang K-12 sa buong mag-aaral gamit ang kanilang katutubong wika, ilan dito ay ang Tagalog, Kapampangan, Pangasinense, Iloko, Bikol, Hiligaynun, Cebuano, Waray, Tausug, Maguindanoan, at Chabakano bilang midyum ng pagaaral mula kinder hanggang ikatlong baitang dahil sa ikaapat na baitang inaasahang matibay na ang pundasyon ng mga mag-aaral sa kanilang katutubong wika at maari ng turuan ng iba pang wika.

Maaring Pilipinong mag-aaral ang humarap sa iba't ibang problema sa edukasyon. Ito ay kalimatang nagsisimula kapag hindi maunawaan ang kanilang panturo na ginagamit ang mga guro (DepEd 2011). Marami sa mga mag-aaral ang nawawalan ng gana matuto na nagiging isa sa dahilan ng pagtaas ng bilang ng drop outs sa Pilipinas. Dahil dito, naniniwala ang DepEd na ang paggamit ng mother tongue sa mga unang taon ng edukasyon ay makakatulong sa mga epektibo at mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon nga kay Pado (2013) ang MTB-MLE ay babawas sa drop out at repeater sa mga paaralan.

Subalit kahit na may mga binipisyong dulot ang programang ito, marami pa rin ang dapat pagtuunan ng pansin na dulot nito sa mga mag-aaral lalo na sa mga guro at magulang. Ayon sa pag-aaral Lartec et.al. Ang paggamit ng mother tongue sa sistemang multi-lingual sa pagtuturo ay makakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Maliban dito, ang mga guro sa elementarya ay kulang ang pagsasanay sa pagtuturo ng MTB-MLE kung kaya't mahihirapan ang karamihan sa pagsalin ng ilang termino sa mother tongue sapagkat kulang ang librong nakasulat o nakabaybay sa katutubong wika.

Ayon sa BESRA (2006) isa sa bentahe ng pagtuturo ng katutubong wika sa mga unang tao ng pag-aaral ay mas mabisa ang paglipat ng kaalaman at magpapatuloy ang pag-unlad ng pag-iisip dahil din sa walang hadlang sa wika. Subalit ang pagpapatupad ng pagtuturo ng katutubong wika sa unang taon ng pag-aaral ay isa sa nagbibigay dahilan kung bakit pagdating sa hayskul at kolehiyo ang lebel ng kakayahang pang-unawa, pang-analisa, at interpretasyon sa bawat asignatura ay mababa.

Maaring ito rin ang isa sa dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ngayon ay nahihirapan magsalita at umintindi ng wikang Ingles at malalalim na wikang Filipino. Ayon kay Kevin Autor (2011) sa paggamit ng mother tongue, hindi mapapaunlad ang communication skills ng mga mag-aaral bagkus mapapababa ito.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman ang pananaw at rason ng guro sa elementarya sa epekto ng implementasyon ng Mother Tongue Based – Multi-Lingual Education (MTB-MLE) sa pagkatuto ng mag-aaral.

## Literature Review

Ang mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE) na programa ng Departamento ng Edukasyon ay hindi isang bagong panukala, bagkus ay may pinagdaanang karanasan sa kasaysayan ng bansa. Sa Panahon ng mga Kastila, diopisyal na ginamit ang katutubong wika sa kabila ng mga dekreto ng gobyerno sa Espanya na nag-aatas na gamitin ang wikang Kastila sa eskuwelahan. Sa Panahon ng Amerikano, patuloy na iniwasan ito sa kabila ng mga bill na ipinasa at pagtataguyod ng mga Amerikano at Pilipino na ituro at gamitin ang katutubong wika. Sa panahon ng Hapon, itinuro ang Tagalog bagama't hinihinalang transisyon lang ito tungo sa pagtatanggal sa Ingles at sa malauna'y paggamit ng Nihonggo.

Nagpatuloy ang pagtataguyod sa Ingles sa kabila ng adbokasya ng mga institusyon, grupo, at mga lehislador para sa mga katutubong wika. Bilang bahagi rin ng neoliberal na programa ng gobyernong Pilipino pagkaraan ng mahabang panahon ng pananakop ng mga dayuhan, inadapt ang Programang MTB-MLE kaugnay ng Millenium Development Goals ng United Nations. Muling bumabalik ang idea ng multilinggwal na edukasyon ngunit sa pagkakataong ito, mismong gobyernong Pilipino na ang nagtataguyod dito sa kabila ng mahabang panahon ng di-pagkilos. Iminumungkahi sa papel ang patuloy na pagtataguyod sa katutubong wika kasabay ng lalo pang pagpapaunlad at paggamit ng wikang pambansa sa edukasyon sa gitna ng malakas na suporta sa Ingles sa loob at labas ng bansa.

Multilinggwal na Edukasyon – isa itong idea, konsepto, paradaym na pinagkakaabalahan ngayon ng mga edukador, guro, at mga mag-aaral ng wika at edukasyon. Pagaaral at paggamit ito ng higit sa dalawang wika, bilang wikang panturo at bilang asignatura sa iba't ibang yugto ng pag-aaral ng mag-aaral. Nakabatay ito sa prinsipyong “Unang-Wika-Muna” (First-Language-First), at transisyon sa iba pang wika (pangalawang wika).

Ayon sa UNESCO Position Paper (2003), ang multi-linggwal na edukasyon ay isang pagtugon sa hamon ng mga pagbabagong bunga ng globalisasyon kaugnay ng wika. Pangunahing komponent ng multilinggwal na edukasyon ang pagtuturo sa unang wika (mother tongue), susundan ng pambansang wika at/o banyagang wika.

Pinatunayan ng mga pananaliksik na malakas ang pundasyong iniwan ng pagtuturo sa unang wika tungo sa mas mataas na literasi. Nagsisilbi itong transisyon patungo sa pagkatuto sa pangalawang wika. Pinalalakas din nito ang kultural o etnikong identidad na huhubog sa pagkatao at pagkamamamayan sa loob ng bahay, komunidad, bansa, at global na mundo ng mag-aaral.

Sa Pilipinas, ito ang isinusulong ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) kakabit ng Programang K-12 na kasalukuyang ipinatutupad sa bansa. Pinagtibay ang DepEd Order No.74 noong 2009 (Institutionalizing Mother Tongue - Based-Multilingual Education o (MTB-MLE). Noong 2011 naman ay pinagtibay ng ika-15 Kongreso sa ika-dalawang regular na sesyon nito ang R.A. 10157 na nagsasaad ng: Act na nagtatatag ng Edukasyong Kindergarten sa Sistema ng Batayang Edukasyon at paglalaan ng pondo para rito.

1. Sakop ang lahat ng ito ng R.A. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013 na pinagtibay ng Senado at Kongreso noong 15 Mayo 2013. Ito ang: Act na nagpapalawak sa Sistema ng Batayang Edukasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapalakas sa kurikulum nito at pagdagdag ng bilang ng taon para sa batayang edukasyon, paglalaan ng pondo para rito at sa iba pang paggagamitan nito.

2. Ang MTB-MLE na komponent ng K-12 Programa sa Pilipinas ay magsisilbing tulay mula unang wika (L1) tungo sa Filipino (L2) at/o Ingles (L3).

Ayon kay Pado (2013) ang MTB-MLE ay babawas sa drop out at repeater sa mga eskuwelahan. Gayundin, makakasangkot dito ang mga guro, magulang at komunidad. Partisipatoryo rin ito sa bahagi ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum na magbibigay daan sa pag-eejoy ng mga estudyante habang natututo at nakukumbinsi na pumasok ng klase.

Ayon din sa DepEd RO (2013), tumutulong din ito sa pag-unlad ng kasanayang kritikal na pag-iisip at kasanayang kognitibo ng mag-aaral, gayundin ang kaalaman sa nilalaman ng kurikulum. Napahahalagahan din nito ang mag-aaral, ang kanyang kultura at minanang wika.

## **Methodology**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matukoy at maisa-isa ang mga pananaw ng guro sa epekto ng implementasyon ng Mother Tongue Based – Multi-Lingual Education (MTB-MLE) sa pagkatuto ng mag-aaral.

Tinatalakay sa kabanatang ito ang paraan at disenyong ginamit sa pag aaral, mga respondente, mga kagamitan at paraan sa pangangalap. Ang mga kagamitang ito ay angkop sa kasalukuyang pag-aaral na makakatulong sa pagsagot ng mga suliraning nakalahad sa pag-aaral.

## **Results and Discussion**

Inilahad sa kabanatang ito ang pag-aanalisa at interpretasyon ng mga datos na nakalap ng mananaliksik hinggil sa pananaw ng guro sa epekto ng implementasyon ng Mother Tongue Based - Multi-Lingual Education (MTB-MLE) sa piling paaralan ng Elementarya sa bayan ng Ocampo. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy at malaman ang epekto ng implementasyon ng MTB-MLE sa pagkatuto ng mag-aaral batay sa pananaw ng mga guro mula kinder hanggang ikatlong baitang.

Upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumamit ng pamamaraang deskriptiv na naaayon sa pananaliksik at ginamitan din ng istatistikang Frequency Count upang malaman at matukoy ang kabuuang sagot ng mga respondent at mabigyan tugon ang bawat katanungan.

## Conclusion

Lumalabas sa nakalap na datos, 55% ng populasyon ang sumasang-ayon sa implementasyon. Sa kabilang banda, 45% naman ay hindi sumasang-ayon. Sa kabuuan, mas maraming guro sa primarya hanggang sa ikatlong baiting ang sumasang-ayon sa implementasyon.

Sa kabuuang konklusyon sa kabila ng mga negatibong epekto ng MTB-MLE ay nangibabaw pa rin ang mga positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

## References

ARAULLO, ATOM P. 2017. Ano ang dapat na gamitin sa pagtuturo sa mga Paaralan, pp. 55

CONSTANTINO, PAMELA C. 2017. “GANITO NA NOON, GANITO ULI NGAYON: PAGTALUNTON SA KASAYSAYAN AT DAYNAMIKS NG MULTILINGGWAL NA EDUKASYON SA PILIPINAS”, pp 65

BESRA 2006. PAGTUTURO NG KATUTUBONG WIKA: MGA IBAT-IBANG WIKA. pp. 85

<http://www.idpublication.org/wpcontent/uploads/2014/09/ENGLISH-TEACHERS-PERCEPTIONS-OF-THE-MOTHER-TONGUE-BASED-EDUCATION-POLICY-IN-THE-PHILIPPINES-Full-Paper.pdf>

<https://www.gmanetwork.com/news/balita/bayan/talakayan/621945/filipino-o-ingles-ano-ang-dapat-na-gamitin-sa-pagtuturo-sa-mga-paaralan.pdf>

<http://www.scribd.com/doc/118386466/Mga-Wika-sa-Pagtuturo-sa-MTB-MLE>